International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**Peer Review Report Form**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Manuskrito:** | Rubsik: Modelo sa Pagmamarka ng Papel-Pananaliksik ng mga mag-aaral sa mga Paaralan sa Dibisyon ng Camarines Norte |
| **Uri ng Artikulo:** | Orihinal na Artikulo |

## UNANG YUGTO

### Editor

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Kinikilala ng mga tagasuri ang kahalagahan ng inyong manuskrito at inirerekomenda ang mga rebisyon upang higit pang mapabuti ang kalinawan, organisasyon, at pangkalahatang kalidad nito.<br><br>Bukod dito, kinakailangan ninyong magsagawa ng masusing imbentaryo ng mga sanggunian sa inyong manuskrito. Tiyakin na ang mga sangguniang binanggit lamang sa loob ng manuskrito ang nakatala sa seksyong “Mga Sanggunian”, gayundin, na ang lahat ng sanggunian ay maayos na nabanggit sa manuskrito. Halimbawa, kung may 20 sangguniang binanggit sa manuskrito, dapat ay 20 lamang din ang nasa seksyong “Mga Sanggunian”. Gayunpaman, tandaan na ang paulit-ulit na pagbanggit sa iisang sanggunian sa loob ng manuskrito ay binibilang bilang isang *entry* lamang; kaya maaaring mas mababa ang bilang ng mga entry sa seksyong ito, kumpara sa kabuoang bilang ng *in-text citations*. |

### Tagasuri 1

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Ang manuskrito ay may mahalagang paksa dahil tumutugon ito sa pangangailangan ng mas malinaw at istandard na rubrik sa pagwawasto ng papel-pananaliksik. May praktikal na ambag ang Rubsik, lalo na sa mga guro at mag-aaral sa Senior High School. Gayunman, kailangang palakasin pa ang metodolohiya at pagsusuri ng datos upang mas maging matibay ang pag-angkin na epektibo ang nabuong kagamitan. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Kailangang linawin ang disenyo ng pag-aaral. Binanggit ang deskriptib-ebalwatib-debelopmental at ADDIE model, ngunit ang pagsusuri ng epekto ay parang pretest-posttest design. Dapat ipaliwanag nang mas malinaw kung paano pinag-ugnay ang *development* ng Rubsik at ang pagsukat ng pagbabago sa kaalaman. |
| Ang sampling at mga kalahok ay dapat ayusin ang pagpapaliwanag. Sa abstrak, binanggit ang Total Enumeration Sampling para sa guro, ngunit sa metodolohiya ay purposive sampling ang ginamit. Mahalaga itong ituwid dahil nakaaapekto ito sa kredibilidad ng resulta. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| Kailangang maging mas maingat sa interpretasyon ng estadistika. Ang “May Kaugnayan” ay hindi angkop na termino para sa paired t-test dahil sinusukat nito ang pagkakaiba, hindi relasyon. Mas tama ang “may makabuluhang pagkakaiba.” Gayundin, ang p = 0.000 ay dapat ilahad bilang p < .001. |
| Masyadong malakas ang ilang konklusyon tungkol sa bisa ng Rubsik. Dahil walang control group, mahirap tiyakin na ang pagtaas ng score ay dahil lamang sa Rubsik. Dapat gawing mas maingat ang pahayag, halimbawa “maaaring nakatulong” o “nagpapakita ng positibong indikasyon,” sa halip na direktang sabihing napatunayan ang bisa nito. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

**Tagasuri 2**

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Ang papel na ito ay isang napapanahon at magandang inobasyon na tumutugon sa pangangailangan ng outcomes-based education at patuloy na pagpapabuti ng kalidad o *quality assurance* sa ating mga institusyon. Ang pagbuo ng "Rubsik" bilang isang e-kagamitang pampagtataya upang maging istandardisadong pamantayan sa pagwawasto ng papel-pananaliksik ay may malinaw na praktikal na halaga. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Nabanggit sa inyong metodolohiya na bumuo ng konseptong papel ang mga kasangkot na guro at mag-aaral. Pagkatapos, sinuri ito gamit ang "tradisyunal na rubrik" para sa paunang pagtataya. Matapos gamitin at i-access ang Rubsik, nagkaroon ng panapos na pagtataya at muling nagpasa ng papel. Magkaibang rubrik ang ginamit ninyo sa *pre-test* at *post-test.* Kung ginamit ang lumang rubrik sa *pre-test* at ang bagong Rubsik sa post-test, nagpapasok kayo ng *measurement bias*. Hindi ninyo tiyak kung ang pagtaas ng Mean Percentage Score (MPS) ng mga guro at mag-aaral ay dahil talaga sa pagtaas ng kanilang kaalaman o dahil lamang mas madali, mas detalyado, o iba ang pamantayan ng bagong instrumentong ginamit. Kailangan ninyong bigyan ng matibay na katwiran, o mas mainam na linawin na ang sinusukat ay ang *performance rating* batay sa ginamit na kagamitan, hindi ang *absolute* na kaalaman. |
| Gumamit kayo ng *Paired T-Test* sa pamamagitan ng *SPSS* upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kaalaman bago at matapos gamitin ang Rubsik. Walo lamang ang bilang ng mga guro na naging kalahok sa pag-aaral. Sa larangan ng estadistika, napakahina ng *statistical power* ng isang *t-test* para sa *sample size* na n=8 upang makabuo ng matibay na kongklusyon na may "makabuluhang pagbabago". Kung hindi na madaragdagan ang bilang ng |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| mga guro, kailangan itong ideklara bilang isang pangunahing limitasyon. Maaari ring imungkahi na suriin kung *non-parametric test* ang mas angkop gamitin para sa ganitong kaliit na datos. |
| Sa inyong Talahanayan 6, ipinakita na walang makabuluhang pagkakaiba sa aspeto ng "Sanggunian" at "Teknikal na Pagsulat" sa hanay ng mga guro matapos gamitin ang Rubsik. Ang paliwanag lamang sa diskusyon ay nagpapahiwatig ito na kailangan ng "mas malalim na pagsasanay at pagpapabuti" sa mga bahaging ito. Bilang mananaliksik, kailangan ng mas malalim na *data-driven analysis*. Bakit pumalya o hindi naging epektibo ang Rubsik sa dalawang aspetong ito? May limitasyon ba sa *interface* ng *website* kaya hindi nagabayan ang mga guro sa tamang pormat ng sanggunian? Kailangan ng mas analitikal na paghihimay dito upang makita ang tunay na epekto ng inyong inobasyon sa akademikong kakayahan ng mga guro. |
| Ang Pigura 1 ay naglalaman ng mga *screenshots* ng *Admin Login Interface* at mga *links*. Ang Pigura 2 naman ay nagpapakita ng itsura ng *interface* kapag nagmamarka tulad ng *Add button o Check paper.* Para sa isang mataas na antas ng akademikong journal, ang mga ganitong klase ng litrato *(login pages, basic UI instructions)* ay hindi kinakailangan sa mismong *main body* ng papel dahil hindi ito nag-aambag sa siyentipikong resulta ng inyong pananaliksik. Inirerekomenda kong ilagay na lamang ang mga ito bilang Appendiks at magpokus sa mga tabulasyon ng inyong datos sa mismong teksto. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

**IKALAWANG YUGTO**

| **Pasya** | **Editor** | **Reviewer 1** | **Reviewer 2** |
|---|---|---|---|
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. | / | / | / |
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. | | | |
| Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. | | | |